

FEAST OF THE CHAIR OF SAINT PETER

February 22—Feast

The Pope's authority is a gift, serving order and truth in the Church

It's kind of funny to have a feast day for a chair. When we think of a chair, perhaps we think of a soft recliner into which our body lowers itself as if into a warm bath. Or our mind turns to a classroom chair, a chair in a waiting room, or one at a restaurant. But the chair the Church commemorates today is more like the heroic-sized marble chair which holds the giant body of President Lincoln in the Lincoln Memorial. We commemorate today a chair like the judge's in a courtroom or that unique high-backed chair called a throne. These are not ordinary chairs. They are seats of authority and judgment. They hold power more than people. We stand before them while their occupants sit. Judges and kings retire or die, but chairs and thrones remain to hold their successors. The Nicene Creed even describes Jesus as "seated" at God's right hand. The fuller, symbolic meaning of the word "chair" is what today's feast commemorates.

Against the farthest wall of Saint Peter's Basilica in Rome is not a statue of Saint Peter, as one might imagine, but a gorgeous heroic-sized sculpture with a chair as its focus. To celebrate the Chair of St. Peter is to celebrate the unity of the Church. The chair is a symbol of Saint Peter's authority, and that authority is not meant for conquest like military power. Ecclesiastical authority is directed toward unity. Jesus Christ could have gathered an unorganized group of disciples united only by their common love of Him. He didn't. He could have written the Bible Himself, handed it to His followers, and said, "Obey this text." He didn't. Jesus called to Himself, by name, twelve men. He endowed them with the same powers He possessed and left this organized band of brothers as an identifiable, priestly fraternity specifically commissioned to baptize and to preach. In North Africa at the time of Saint Augustine, twelve co-consecrating bishops were canonically required at the ordination of a bishop, mirroring "The Twelve" called by Christ. What a profound liturgical custom!

Today the Church requires only three co-consecrators.

What is even more striking about Christ's establishment of an orderly Church structure is its double organizing principle. The Twelve's headship over the many is itself subjected to the internal headship of Saint Peter. He is the keeper of the keys, the rock upon which the Lord built His Church. This all makes sense. What good would a constitution be without a Supreme Court to adjudicate disputes over its interpretation? Any authoritative text needs a living organ to stand outside and above it to arbitrate, interpret, and define, with authority equal to the text itself, any and all misinterpretations, confusions, or honest disputes. Just as a constitution needs a court, the Bible needs a Magisterium. And that Magisterium needs a head as well.

The authority of the papal office, doctrinally, is a negative charism preserving the Church from teaching error. It is not a guarantee that the pope will teach, explain, or live the faith perfectly. Christ himself guaranteed that the gates of hell would not prevail against the Church. That's a negative promise. But isn't this promise also a prophecy that the Church, and the office of Peter, will be a lightning rod absorbing every strike from the forces of evil? That this Church, and no other, will be the target of the darkest of powers? A real Church has real enemies.

There was never an office of Saint Paul in the Church. When the person of Paul disappeared, his specific role did too. But the office of Peter continues, along with the office of all the Apostles, despite their deaths. In other words, the Church has not just a foundation but a structure built on that foundation. And authority in that structure is not transmitted personally, from father to son or from one family to the next. Authority attaches to the Office of St. Peter and endows its occupant with the charisms promised by Christ to Saint Peter. And this charism will endure until the sun sets for the last time. As long as there is a Church, it will teach objective truth, and objective truth requires objective leadership. And that objective leadership, symbolized in the Chair of St. Peter, is directed toward unity. One Lord. One faith. One Shepherd. One flock. The united fabric of the Church, so fought for, so torn, so necessary, is worth honoring in the liturgy of the Church.

God in Heaven, we thank You for the ordered community of faith we enjoy in the Catholic Church. Your chosen vicar, Saint Peter, guided the early Church and guides Her still, ensuring that we remain one, holy, catholic, and apostolic until the end of time. Continue to grace Your Church with the unity so necessary to accomplish Her mission on earth.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-22-chair-of-saint-peter-apostle/

IKA-22 NG PEBRERO, MARTES I

KAPISTAHAN NG LUKLUKAN NI APOSTOL SAN PEDRO

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

Magalak, sambahayan, dahil sa pagpapala
Sa liwanag na bigay, ang Diyos ang may gawa.
Mula sa kadiliman, Maykapal ay nagwika,
Nagkaroon ng anyo ang noo'y walang-wala.

Kung pagbabalikan lang ang iyong nakaraan
Na dati-rati'y lugmok, dulot ng kasalanan,
Panginoo'y naawa, dumating din ang buhay,
Nagliwanag ang lahat, kaligtasa'y dumatal.

Kadakilaan niya ay iyong isapuso;
Ang PANGINOONG Diyos, hindi sa 'yo lalayo,
Sa araw man o gabi, matapat sa pangako;
Ang D'yos ay laging D'yos, kahit mundo'y maglaho.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Panginoon, pinaunlad mo ang iyong lupain; pinatawad mo ang kasalanan ng iyong bayan.**

Salmo 85

(Nalalapit na ang ating kaligtasan)

Ikaw, O PANGINOON, naging mapagbigay sa iyong lupain,
Pinasagana mo't muling pinaunlad ang bansang Israel.
Yaong kasamaan ng mga anak mo'y nilimot mong tunay,
Pinatawad sila sa nagawa nilang mga kasalanan.
Ang taglay mong poot sa ginawa nila'y iyo nang inalis,
Tinalikdan mo na at iyong nilimot ang matinding galit.

Kaya naman, PANGINOON, ibalik mo sana ang iyong paglingap,
Ang pagkamuhi mong aming nadarama'y limutin nang ganap.
Ang pagkagalit mo at poot sa ami'y wala na bang hanggan?
Di na ba lulubag, di na matatapos ang galit mong iyan?

Ibangon mo kami, sana'y ibalik mo ang nawalang lakas,
At kaming lingkod mo ay pupurihin ka na taglay ang galak.
Kaya ngayon, PANGINOON, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.
Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

Aking naririnig magmula sa PANGINOON ang sinasalita;
Sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa,
Kung mangagsisisi at di na babalik sa gawang masama.
Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas,
Sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap.

Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad,
Ang kapayapaan at ang katuwira'y magsasamang ganap.
Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat,
At ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas.

Gagawing maunlad ng Diyos na ang
PANGINOON itong ating buhay,
Ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam;
Sa harapan niya yaong maghahari'y pawang katarungan,
Magiging payapa't susunod ang madla sa kanyang daan.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Panginoon, pinaunlad mo ang iyong lupain; pinatawad mo ang kasalanan ng iyong bayan.**

Antipona 2: **Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa at sa umaga'y inaasam ang iyong pagdating.**

Awit: Isaias 26:1b-4, 7-9, 12
(Awit matapos ang pagkatalo ng kalaban)

Matatag ang ating lungsod,
Hindi tayo maaano, matibay na muog.
Bayaang bukas ang mga pintuan,
Upang makapasok ang bayang matapat.

Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan
Ang mga taong matapat na tumatalima
At nagtitiwala sa iyo.
Magtiwala kayong lagi sa PANGINOON,
Pagkat siya ang kublihang walang hanggan.

Pinapatnubayan mo ang mga taong matuwid,
At pinapatag mo ang kanyang landas.
PANGINOON, sinusunod ka namin at inaasahan,
Ikaw lamang ang lahat sa aming buhay.

Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa.
Kapag ang batas mo'y umiral sa daigdig,
Ang lahat ng tao'y mamumuhay nang matuwid.

Ikaw ang nagbibigay sa amin ng kasaganaan,
At anumang magawa nami'y dahil sa iyong pagpapala.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa at sa umaga'y inaasam ang iyong pagdating.**

Antipona 3: **Panginoon, ang ningning nawa ng iyong mukha ang magbigay-liwanag sa amin.**

Salmo 67

(Ang mga tao sa lahat ng bansa ay sasamba sa Panginoon)

O Diyos, pagpalain kami't kahabagan,
Kami Panginoo'y iyong kaawaan,
Upang sa daigdig mabatid ng lahat
Ang iyong kalooban at ang pagliligtas.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

Nawa'y purihin ka ng mga nilikha,
Pagkat matuwid kang humatol sa madla;
Ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

Nag-aning mabuti ang mga lupain,
Pinagpala kami ng PANGINOON, Diyos namin!
Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala,
Nawa'y igalang ka ng lahat ng bansa.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Panginoon, ang ningning nawa ng iyong mukha ang magbigay-liwanag sa amin.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(l Juan 4:12-15)

Walang taong nakakita sa Diyos kailanman, ngunit kung tayo'y nag-iibigan, nasa atin siya at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig.

Nalalaman nating nananatili tayo sa Diyos at siya naman sa atin, sapagkat pinagkalooban niya tayo ng kanyang Espiritu. Nakita namin at pinatototohanang sinugo ng Ama ang kanyang Anak bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang nagpapahayag na si Hesus ang Anak ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos nama'y nananatili sa kanya.

TUGUNAN

Kasama ko ang Diyos nasa kanya ang aking tiwala.
— Kasama ko ang Diyos nasa kanya ang aking tiwala.

Sa kanya ako nakatatagpo ng kanlungan, at ako'y tunay na malaya,
— nasa kanya ang aking tiwala.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Kasama ko ang Diyos, nasa kanya ang aking tiwala.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas gaya ng ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng iyong dugo, tinubos mo para sa iyo ang isang bagong bayan. Nagpupuri kami sa iyo at dumadalangin:

Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

Aming Hari at Manunubos,
dinggin ang papuri ng iyong Simbahan sa pagsisimula nitong araw,
— turuan mo kaming magpuri sa iyong kamahalan nang walang katapusan.

Ikaw ang aming pag-asa at lakas, kaya sa iyo kami'y nagtitiwala,
— huwag tulutang mawalan kami ng pag-asa.

Tunghayan nang may habag ang aming kahinaan at magmadali sa iyong pagdamay,
— pagkat kung wala ka'y wala kaming magagawang anuman.

Alalahanin ang mga dukha at maysakit,
at huwag hayaang ang araw na ito'y maging isang pasaning mabigat,
— bagkus maging isang kaluguran at galak.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ipinakikiusap naming huwag mong ipahintulot
na madaig ng anumang mabigat na pagsubok
kaming naninindigan sa ibabaw ng batong
si Apostol San Pedro
na sumampalatayang matapat sa iyong Anak
na si Hesukristo,
na aming Tagapamagitan
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Lulubog na ang araw, maglalahong tuluyan,
Maghapo'y matatapos, pasok ang kadiliman;
Ilaw mo, PANGINOON, sa amin po'y itanglaw,
Puso ay liliwanag sa pag-ibig na bigay.

Ngalan mo'y pinupuri, ngayon kami'y may galak;
Tingnan kami't ingatan hanggang mayroong bukas,
Kasamang mga banal, aawit nang may tuwa
Dahil sa kabutihang kaloob mo sa madla.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Iniingatan ng Panginoon ang kanyang bayan sa pamamagitan ng kanyang lakas.**

Salmo 125
(Ang PANGINOON, tagabantay ng kanyang bayan)

Parang Bundok Sion,
Ang taong sa PANGINOON ay nagtitiwala,
Kahit na kaila'y
Hindi makikilos di rin mauuga.

Itong Jerusalem
Ay naliligiran ng maraming bundok,
Gayon nagtatanggol
Sa mga hinirang ang PANGINOONG ating Diyos.

Yaong masasama
Ay di tutulutang laging mamahala,
Pagkat maaaring
Ang mga hinirang, mahawa sa sama.

Ang mga mabait
Na tapat sumunod sa 'yong kautusan,
Sana'y pagpalain mo sila, O PANGINOON, sa kanilang buhay.
Ngunit ang masama, sa kanilang hilig iyong parusahan,
Parusahan sila, dahil sa di wasto nilang pamumuhay.

Tanggapin Israel, ang kapayapaan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Iniingatan ng Panginoon ang kanyang bayan sa pamamagitan ng kanyang lakas.**

Antipona 2: **Maliban na matulad kayo sa isang bata, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Diyos.**

Salmo 131

(Pagtitiwala sa Diyos tulad ng sa bata)

O PANGINOON ko, ang pagmamataas,
Tinalikdan ko na at iniwang ganap;
Ang mga gawain na magpapatanyag
Iniwan ko na rin, di ko na hinangad.

Mapayapa ako at nasisiyahan,
Tulad niyong sanggol sa bisig ni Inay.

Kaya mula ngayon, ikaw, O Israel,
Sa 'yong PANGINOON, magtiwalang tambing!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Maliban na matulad kayo sa isang bata, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Diyos.**

Antipona 3: **Panginoon, hinirang mo kami bilang bansang nagkakaisa at mga pari para sa Diyos na aming Ama.**

Awit: Pahayag 4:11; 5:9, 10, 12
(Himig ng Pagliligtas)

Aming PANGINOON at Diyos!
Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri,
Paggalang, at kapangyarihan;

Pagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay,
At ayon sa iyong kagustuhan,
Sila'y nilalang mo at pinananatili.

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon
At sumira sa mga tatak niyon.

Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan
Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao,
Mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa.

Ginawa mo silang isang liping maharlika
At mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos;
At sila'y maghahari sa lupa.

Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat
Na tumanggap ng kapangyarihan,
kayamanan, karunungan, at kalakasan,
Papuri, paggalang at pagdakila!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Panginoon, hinirang mo kami bilang bansang nagkakaisa at mga pari para sa Diyos na ating Ama.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Roma 12:9-12)*

Maging tunay ang inyong pag-ibig. Kasuklaman ninyo ang masama, pakaibigin ang mabuti. Mag-ibigan kayo na parang tunay na magkakapatid. Pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo. Magpakasipag kayo at buong pusong maglingkod sa PANGINOON. Magalak kayo dahil sa inyong pag-asa. Magtiyaga kayo sa inyong kapighatian, at laging manalangin.

TUGUNAN

O Panginoon, ang iyong pangako'y di matitinag kailanman.
— O Panginoon, ang iyong pangako'y di matitinag kailanman.

Hindi maglalaho ang iyong katapatan,
— ang iyong pangako'y di matitinag kailanman.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— O Panginoon, ang iyong pangako'y di matitinag kailanman.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Ang puso ko'y nagpupuri sa Diyos na aking Tagapagligtas.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Itinatag ng Diyos ang kanyang bayan sa pag-asa. Manawagan tayo sa kanya nang may kagalakan:

Ikaw ang pag-asa ng iyong sambayanan, Panginoon.

Panginoon, pinasasalamatan ka namin,
— sapagkat kay Kristo ipinagkaloob mo sa amin
ang lahat ng yaman ng karunungan at kaalaman.

O Diyos, sa iyong mga kamay nakasalalay ang puso ng mga makapangyarihan;
gawaran mo ng karunungan ang mga namumuno sa aming pamahalaan,
— manangan nawa sila sa bukal ng iyong salita at maging kalugud-lugod sa iyo
sa pamamagitan ng kanilang iniisip at inaasal.

Maglarawan nawa ang talino ng mga nasa sining ng iyong kagandahan,
— ang kanilang mga gawa'y magbigay sa mundo ng pag-asa at kagalakan.

Hindi mo hinahayaang subukin kami nang higit sa aming kakayahan,
— palakasin mo ang mga mahihina at itaas ang mga nanlulupaypay.

Sa pamamagitan ng iyong Anak,
ipinangako mong bubuhayin ang mga tao sa Araw ng Paghuhukom,
— huwag mong kalilimutan ang mga yumao.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ipinakikiusap naming huwag mong ipahintulot
na madaig ng anumang mabigat na pagsubok
kaming naninindigan sa ibabaw ng batong
si Apostol San Pedro
na sumampalatayang matapat sa iyong Anak
na si Hesukristo,
na aming Tagapamagitan
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

O Maningning na Liwanag, O Araw na banal,
Larawan ng ilawan ng langit na tahanan.
O PANGINOONG Hesus, lumubog man ang araw
Suminag sa amin ang landas ng kaligtasan.

O Anak ng Maykapal, pinagmulan nitong buhay,
Papuri ang nararapat sa gabi at araw,
Labi nami'y di hihinto sa pag-aawitan
Upang maipagdangal ang banal mong pangalan.

Antipona: **Huwag itago sa akin ang iyong mukha; sa iyo ko isinasalalay ang aking tiwala.**

Salmo 143:1-11
(Dalangin sa kapighatian)

Dinggin mo, O PANGINOON, ang aking dalangin,
Tapat ka't matuwid, kaya ako'y dinggin.
Itong iyong lingkod, h'wag mo nang subukin,
Batid mo nang lahat, kami ay salarin.

Ako ay inusig ng aking kaaway,
At ako ay lubos niyang napipilan;
Sa dilim na dako, ako ay nakulong,
Tulad ko'y patay nang mahabang panahon.
Ako ay handa nang magtaas ng kamay,
Sapagkat wala nang pag-asa ang buhay.

Araw na lumipas, aking nagunita,
At naalaala ang iyong ginawa,
Sa aking isipa'y gumuhit na bigla!
Ako'y dumalangin na taas ang kamay,
Parang tuyong lupa ang diwa kong uhaw.

Nawala nang lahat ang aking pag-asa,
Kaya naman, PANGINOON, ako'y dinggin mo na!
Kung ikaw'y magkubli, baka ang hantungan
Ako ay tanghaling malamig na bangkay,
At ang tunguhin ko'y madilim na hukay.

Ako ay umasa, sa 'yo nagtiwala,
Na kung umumaga'y ipagugunita
Yaong pag-ibig mo na lubhang dakila.
Ang aking dalangin na sa iyo'y hibik,
Patnubayan ako sa daang matuwid.

Ako ay umasang 'yong isasanggalang,
Kaya iligtas mo ako sa kaaway.
Ikaw ang aking Diyos, ako ay turuan
Na aking masunod ang 'yong kalooban;
Ang Espiritu mo'y maging aking tanglaw
Sa aking paglakad sa ligtas na daan.

Ikaw ay nangakong ako'y ililigtas,
Pagkat dakila ka, iligtas mo agad;
Iligtas mo ako sa mga bagabag.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: **Huwag itago sa akin ang iyong mukha; sa iyo ko isinasalalay ang aking tiwala.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(1 Pedro 5:8-9a)

Humanda kayo at magbantay. Ang diyablong kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aalialigid na humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananalig sa Diyos.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
punuin ang gabing ito ng iyong kaliwanagan.
Humimlay nawa kami sa kapayapaan
at gumising nang may kagalakan
upang harapin ang liwanag ng bagong araw sa iyong pangalan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.